

SD Access para sa Lahat ng Kasunduan sa Paggamit ng Hotspot

Nagbibigay ang San Diego Public Library ng personal na access sa Internet sa pamamagitan ng Wi-Fi Kit. Kasama sa Wi-Fi Kit ang isang device para gumawa ng Wi-Fi network (hotspot), charging cord, charging block, at bag. Bilang kapalit:

- Kinikilala ko na ang anumang paglabag sa mga tuntunin sa ibaba ay magreresulta sa pagkawala ng kakayahang hiram ang mga device sa pamamagitan ng programang SD Access 4 All.
- Ibabalik ko ang Kit sa Circulation Desk ng parehong lokasyon ng aklatan kung saan ito na-check out bago lumampas ng
- takdang petsa, kasama ang lahat ng bahagi at packaging sa gumaganang kondisyon Hindi ko ibabalik ang Kit sa book drop ng aklatan.
- Kinikilala ko na ang Kit ay maaaring mai-check out sa loob ng 30 araw at hindi maaaring i-renew. Kung overdue na ang Kit, wawakasan ang serbisyo at hindi na magagamit ang Wi-Fi Kit.
- Kung nawala, nasira o hindi naibalik ang Kit sa loob ng 60 araw pagkatapos ng takdang petsa, [sisingilin ako ng mga gastos sa pagpalit](#) para sa Hotspot, charging cord, charger at case; at ang aking mga pribilehiyo sa library card ay maba-block hanggang sa maibalik ang lahat ng bagay nang gumagana o mabayaran ang multa. Anumang mga multa na hindi binayaran 60 araw pagkatapos ng pagsingil ay ire-refer sa tanggapan ng Ingat-yaman ng Lungsod para sa mga Koleksyon.
- Hindi ako ipahihiram ng anumang bagay sa Wi-Fi Kit sa ibang mga indibidwal.
- Aabisuhan ko ang aklatan kung saan na-check out ang Kit kung ang anumang item sa Kit ay nawala, ninakaw, o nasira. Kinikilala ko na sisingilin ako para sa anumang nawawala o nasirang piraso ng Kit.
- Hindi ko babaklas-baklasin o susubukang ayusin ang hotspot. Ang Wi-Fi Kit at ang mga nilalaman nito ay nananatiling pag-aari ng Aklatan sa lahat ng oras.
- Sumasang-ayon ako na ang Aklatan, ang mga nagpopondo nito at iba pang mga panig na pinili ng Library ay maaaring gumamit ng anumang impormasyong nakolekta tungkol sa paggamit ng Wi-Fi Kit upang pag-aralan ang bisa ng programang Wi-Fi kit. Sa pamamagitan ng paghiram ng Wi-Fi Kit, pumapayag akong makipag-ugnayan sa akin ang Aklatan tungkol sa aking paggamit at sa aking karanasan sa Wi-Fi Kit.
- Ang Library ay walang pananagutan para sa anumang mga file, data, o personal na impormasyong na-access/ipinadala gamit ang Wi-Fi Kit.
- Ang Kit ay nilalayan para magamit sa lugar ng San Diego. Ang paggamit ng Kit sa labas ng lugar na malapit Estados Unidos ay hindi pinahihintulutan, at ako ay maaaring panagutin para sa anumang mga karagdagang singil (gaya ng singil sa Internasyonal o maritime datos) na mangyayari kung hindi ako sumunod sa panuntunang ito.

Kinikilala ko na nabasa ko ang mga tuntunin sa itaas at sumasang-ayon sa mga tuntuning ito. Kung ang gumagamit na tumatanggap sa Kasunduang ito ay wala pang 18 taong gulang, ang isang Magulang o Tagapag-alaga ay kinakailangan na tanggapin sa ibaba na kumakatawan sa kanilang pag-unawa at pagsang-ayon sa lahat ng tuntunin ng Kasunduan nang nakapag-iisa at sa ngalan ng user.

Kumpletuhin ang iyong Kasunduan

Sa pamamagitan ng pagpili sa kahon na ito, ikaw (o ang iyong tagapag-alaga kung ang gumagamit ay wala pang 18 taong gulang) ay sumasang-ayon sa (mga) Tuntunin at Kondisyon na nakabalangkas sa itaas.

☐ **Sumasang-ayon ako sa Mga Tuntunin at Kondisyon.**

Mga Katanungan sa Pagpapatunay

Salamat sa pagsang-ayon sa Mga Tuntunin at Kondisyon ng Paggamit. Mangyaring tulungan kaming mas maunawaan kung paano ginagamit ang serbisyong ito at kung paano ito mas mapapabuti sa pamamagitan ng pagsagot sa maikling survey na ito.

Email Address:

Sangay ng Aklatan:

- ☐ Pinatutunayan ko na kinukulang ako ng access sa kagamitan o serbisyong sapat upang matugunan ang aking mga pangangailangang pang-edukasyon kung hindi lang para sa paggamit ng kagamitan o serbisyong ipinagkakaloob ng aklatan.
- ☐ Pinatutunayan ko na ako ang gumagamit ng aklatan na nakatalaga sa library card/number na ginagamit para sa elektronikong pagpirma sa form na ito.

Numero ng Library Card / Pangalan ng Nanghihiram

Opsyonal na mga Katanungan sa Survey

Mangyaring ibahagi ang layunin ng paghiram ng kagamitan

Paghahanap ng Trabaho

Pang-edukasyon

Mga Personal na Koneksyon (hal. pamilya, mga kaibigan)

Pananaliksik

Mangyaring ilagay ang iyong edad

Wala pang 18

18 hanggang 29

30 hanggang 39

40 hanggang 49

50 hanggang 59

60 hanggang 69

70 o mas matanda pa

Mangyaring piliin ang iyong kasarian

Babae

Lalaki

Transgender na Babae

Transgender na Lalaki

Nonbinary

Iba pa

Mas Gustong Huwag Sagutin

Mangyaring piliin ang iyong etnisidad

Amerikanong Indian o Katutubong Taga-Alaska

Asyano

Itim o Aprikanong Amerikano

Puti

Hispaniko, Latino o Espanyol ang Pinagmulan

Taga-Gitnang Silangan o Taga-Hilagang Aprika

Katutubong Hawaiian o Ibang Taga-isla-Pasipiko

Mas Gustong Huwag Sagutin

Mangyaring ilagay ang iyong zip code
